## Alma 39–42

HULYO 27–AGOSTO 2

# Paano naging kapwa makatarungan at maawain ang Diyos?

Parang salungat ang katarungan at awa sa isa't isa, pero magkatuwang ang mga ito sa plano ng Diyos.



**TALAKAYAN**

Ano ang kahulugan ng mga salitang *katarungan* at *awa* para sa iyo? Bakit kailangan kapwa ang katarungan at awa sa walang-hanggang plano ng kaligayahan ng Diyos? Paano mo naranasan ang awa ni Jesucristo sa iyong buhay?



| KATARUNGAN: | AWA: |
| --- | --- |
| 1. Lahat ay mabubuhay na mag-uli at hahatulan ayon sa kanilang mga gawa at hangarin (tingnan sa Alma 41:2–3). | 1. Ang pagkabuhay na mag-uli ay kapwa makatarungan at maawain (tingnan sa 2 Nephi 9:8–15). |
| 2. Binigyan na tayo ng Diyos ng mga batas, at lubos Niyang sinusunod ang mga ito (tingnan sa Alma 42:22). | 2. Pinagkakalooban tayo ng Diyos ng pagsisisi at kapatawaran sa pamamagitan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala (tingnan sa Alma 42:22–23). |
| 3. Hindi tayo pinipilit na magsisi, ngunit haharapin natin ang mga bunga ng ating mga gawa kung hindi tayo magsisisi (tingnan sa Alma 42:27). | 3. Maaari nating piliing lumapit kay Cristo upang matubos (tingnan sa Alma 42:27). |

Si Jesucristo ang "magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, upang tugunan ang hinihingi ng katarungan, at nang sa gayon, ang Diyos ay maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos" (Alma 42:15).

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH